
4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4:

Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan–Modyul 4: Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Shiela C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4:

Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtangap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinangat sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong institusyon upang gabayan ka, anag gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomiyang hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mga mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang mapanuring pag-iisip ay ang hindi padalos-dalos na desisyon ng isang tao. Dapat ito ay sinusuri ng may sapat na ebidensiya nang sa gayon ay mabigyang diin ang pangangatwiran. Sa pamamagitan ng mapanuring pag-iisip, maiiwasan ang mga maling desisyon sa buhay at mabigyan ng mga pag-iingat sa kung anumang bagay o pangyayari na maaari tayong mapabilang. Ito rin ang magbibigay balanse sa kung ano ang tama at mali. Ano ang iyong dapat gawin upang matuklasan ang katotohanan?

Sa modyul na ito inaasahang:

1. nakapagsasagawa nang may mapanuring pag-iisip ng tamang pamamaraan/pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan.

## *Subukin*

A. **TAMA O MALI.** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap o **MALI** kung hindi wasto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang mga bata ay wala pang kakayahang tumuklas ng katotohanan sa paligid.

_____2. Kailangang suriin ang detalye ng mga impormasyon upang matukoy kung ito ay may katotohanan.

_____3. Sa pagtuklas ng katotohanan nakatutulong rin ang pagbabasa ng aklat.

B. Lagyan ng tsek (/) kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pamamaraan sa pagtuklas ng katotohanan at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_____4. May natanggap na *text message* si Pina tungkol sa pagkapanalo niya sa isang *online game*. Tuwang-tuwa siya at agad pumunta sa opisina na nakasaad sa mensahe.

_____5. Narinig mo ang balitang may mga masasamang loob na nakasakay sa *van* na nangunguha ng mga bata upang ipagbili ang kanilang *organs*. Kinausap mo ang pulisya upang malaman ang katotohanan tungkol dito. Kaya naman, sobrang pag-iingat mo kapag nasa labas ng bahay o paaralan.

# Aralin 1 Sa Pagtuklas ng Katotohanan, May Pamamaraan o Pamantayan

Ang isang taong nagnanais na matuklasan ang katotohanan ay kailangang may bukas na isipan. Hindi lang siya tumatanggap ng impormasyon na ibinibigay o natutuklasan niya. Nakahanda siyang mangalap ng dagdag na kaalaman upang higit na magkaroon ng linaw ang impormasyong ito. Sa madaling salita, mayroon siyang sariling pamamaraan o pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan.

Matutulungan ka ng modyul na ito upang makapagsagawa nang may mapanuring pag-iisip ng tamang pamamaraan o pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan.

## *Balikan*

Sa iyong pagsasaliksik *online*, gumagamit ka ng *internet*. Sa napag-aralan mo sa naunang modyul, ano-ano ang dapat mong tandaan sa paggamit nito? Lagyan mo ng tsek (√) ang mga ito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. ____Kailangang maging mapanuri sa mga binabasa o pinupuntahang *sites* dahil marami ring sites na nagbibigay ng kalaswaan at karahasan.
2. ____Huwag hayaan ang sarili na abusuhin ang teknolohiya.
3. ____Nakapagdudulot ng mga masamang epekto kapag ginamit ang teknolohiya sa maling paraan.
4. ____Gumagamit ng telebisyon at internet na may gabay ng mga magulang o nakatatanda.
5. ____Maging mapanuri sa ating mga pinapasok na site o *blogsite* sa internet.

## *Tuklasin*

Basahin ang talata sa ibaba.

**Maling Balita**

Isinulat ni: Lea B. Perez

Si Ron-Ron ay mahilig makipaglaro sa labas ng kanilang bahay. Isang araw, narinig niya sa kanilang kapitbahay na nagkukuwentuhan na mayroong bagyong darating kinabukasan. Kaya agad siyang umuwi upang ipaalam sa kaniyang nanay at tatay. Ang kaniyang nanay ay dali-daling niligpit ang kanilang mga kagamitan sa loob ng bahay. Samantalang ang kaniyang tatay ay mabilis na umakyat sa kanilang bubong upang siguraduhing hindi liparin ng malakas na hangin ang mga ito.

Nagulat na lamang silang mag-ina ng may magsigawan sa labas ng kanilang bahay. Aksidente palang nahulog ang kaniyang tatay mula sa bubungan. Dinala nila ito sa ospital at napag-alaman nilang wala naman palang katotohanan ang balita tungkol sa bagyo.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang katangiang ipinakita ng pangunahing tauhan sa kuwento?
   A. Mapanuri sa mga impormasyong nakakalap.
   B. Madaling maniwala sa balitang naririnig.
   C. Magaling maghikayat ng kapwa.
   D. Mapagmahal na anak.
2. Ano ang narinig niya sa usapan ng kanilang mga kapitbahay?
   A. May darating na malakas na bagyo kinabukasan.
   B. May darating na lindol sa kanilang lugar.
   C. May napansin na maaaring pumutok ang bulkan.
   D. May nabubuong buhawi sa labasan ng kanilang bahay.
3. Ano ang ginawa ng kaniyang tatay nang nalaman ang balita?
   A. Isinama silang mag-ina sa pamamasyal.
   B. Nagluto agad ng panaghalian.
   C. Niligpit ang kanilang mga kagamitan sa loob ng bahay.
   D. Umakyat sa bubungan upang siguraduhing hindi malipad ng malakas na hangin ang mga ito.
4. Ano ang masamang nangyari sa kanyang tatay?
   A. Nagulat sa kanyang balita.
   B. Nahulog mula sa bubong.
   C. Nalito sa narinig na balita.
   D. Namutla sa takot na nadama.

Para sa bilang 5 at 6, Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

5. Ano ang nakaligtaang gawin ni Ron-Ron bago ipaalam ang balitang nasagap sa kaniyang mga magulang?
6. Upang maiwasan ang ganitong pangyayari, ano ang kailangang gawin kapag may balita o impormasyong natatanggap?

## Tandaan Mo

Sa panahong ito ng makabagong teknolohiya, higit na marami ang impormasyong maaaring malaman ng isang indibidwal. May radyo, telebisyon, o *social networking sites*. Subalit sa maraming impormasyong ito, mahalagang matuklasan kung ano ang totoo. Ito ang kailangang hanapin ng isip, ng isang mapanuring isip.

Ang pagiging mapanuri ay nangangahulugang mapagsiyasat. Pinag-aaralang mabuti ang detalye ng pangyayari o ng isang bagay. Ang isang taong may mapanuring pag-iisip ay may tamang pamamaraan o pamantayang sinusunod upang matuklasan ang katotohanan. Ang pamantayang ito ay nagsisilbing gabay ng isang tao upang hindi madaling mapaniwala at maloko ng anumang impormasyong kumakalat.

Mahalagang makapagsagawa ka ng tamang pamamaraan o pamantayan na iyong gagamitin sa pagtuklas mo ng katotohanan.

## *Suriin*

Basahin ang sitwasyon at sagutan ang mga katanungan sa ibaba nito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Ang Paaralang Elementarya ng San Juan ay malapit sa tabing-dagat. Sina Ara at Jazz ay mga mag-aaral dito sa ika-apat na baitang. Araw ng Biyernes, habang naglalakad papuntang paaralan si Ara ay nakasalubong niya ang kaniyang kaklaseng si Jazz. Sinabihan siya nito na nakasarado pa ang kanilang silid-aralan. Wala pa ang kanilang guro gayong ang oras ay mag-iikapito na ng umaga kaya, ang ibig sabihin nito ay wala silang pasok. Kaya napagpasyahan nilang pumunta sa tabing-dagat upang maglaro. Inalis nila ang kanilang mga sapatos upang hindi mabasa. Nagtakbuhan at naghabulan ang magkaibigan. Nadapa si Ara at natusok ng nakausling kabibe ang kanyang tuhod. Dumugo ito ng dumugo kaya kinabahan silang dalawa. Dali-daling pinuntahan ni Jazz ang nanay ni Ara upang ipaalam ang nangyari.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang ibinalita ni Jazz kay Ara nang nakasulubong niya ito papuntang paaralan?
   A. Pinauwi na sila ng kanilang punong-guro.
   B. Wala ang kanilang guro kaya't wala silang pasok.
   C. Idineklara ng Mayor na walang pasok.
   D. Sinabi ng kanilang guro na wala silang pasok.

2. Ano ang naging tugon ni Ara sa ibinalita ni Jazz ?
   A. Nagtanong siya sa iba nilang kamag-aral.
   B. Naniwala siya kaagad sa ibinalita ni Jazz.
   C. Sinangguni ni Ara ang kanilang punong-guro.
   D. Nagtanong sa ibang guro ng kanilang paaralan.

3. Bakit naisip nilang wala silang pasok sa araw na iyon?
   A. Dahil wala pa ang kanilang guro.
   B. Dahil sa sinabi ng kanilang punong-guro.
   C. Dahil narinig sa anunsiyo ng Presidente.
   D. Dahil narinig nilang pinag-uusapan ng mga magulang sa labas ng paaralan.

4. Upang masigurado ang hinala ni Jazz, ano ang dapat nilang ginawa ni Ara?
   A. Ituloy ang kanilang pagpasyal sa tabing-dagat.
   B. Umuwi sa bahay at magsabi sa magulang.
   C. Puntahan ang punong-guro upang magtanong.
   D. Tipunin ang mga kamag-aral at magdesisyong umuwi.

5. Ano ang aral na ipinapahiwatig sa kuwento?
   A. Paniwalaan ang haka-haka ng iba upang maibahagi agad ito sa lahat.
   B. Alamin muna ang katotohanan bago gumawa ng desisyon upang hindi mapahamak.
   C. Suriin ang tama sa mali upang gawin ang tama.
   D. Pag-aralan ang mga impormasyong naririnig upang magkaroon na ng panatag na isipan.

## Pagyamanin

**Gawain 1**

Basahin ang sumusunod na pahayag. Bumuo ng tamang pamamaraan o pamantayan ng pagtuklas ng katotohanan. Isulat ang bilang ng pahayag sa inyong dyornal o kuwaderno ng tamang hakbang na gagawin sa pag-alam ng katotohanan. Isulat ang bilang ng pahayag na iyong mapipili.

1. Huwag kaagad paniwalaan ang isang balita o impormasyon. Sinusuri muna ito bago maniwala.
2. Agad na nagdedesisyon kahit hindi pa napag-isipan nang maigi.
3. Alamin at pag-aralan ang pinagmulan nito. Mahalagang masiguro na mapagkakatiwalaan ang pinagkunan ng impormasyon. Halimbawa, ito ay nagmula sa isang eksperto o taong kinauukulan at hindi kung kanino lamang.
4. Pag-aralan ang lahat ng detalye katulad halimbawa ng petsa at maging ang larawang nakakabit sa impormasyon. Mahalagang magkaroon ng sapat na ebidensiya bago mapatunayang tama o mali ang isang sitwasyon.
5. Matalinong inuunawa ang impormasyong nabasa. Ang impormasyon ay kapani-paniwala at hindi *too good to be true.* Ibig sabihin hindi ito dapat nangangako ng isang imposibleng bagay para lang paniwalaan.
6. Kung hindi pa rin sigurado, magtanong sa nakatatanda o kinauukulan upang malaman ang katotohanan.

**Gawain 2**

Gumawa ng *poster* ng nabuo mong pamamaraan o pamantayan ng pagtuklas ng katotohanan sa Gawain 1. Isa-isahin dito ang bawat hakbang na iyong napili. Lagyan ng angkop na pamagat. Gawin ito sa inyong dyornal o kuwaderno.

## *Isaisip*

Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Sagutin ang tanong pagkatapos nito. Isulat ang iyong sagot sa iyong dyornal o kuwaderno.

Maraming tumatangkilik ngayon sa bagong *choco-energy drink* para sa mga bata. Nakakapagpatalino at nakakapagpasigla raw ito sa buong araw.

Bilang isang nakatanggap ng ganitong impormasyon, alin sa tamang paraan o pamantayan ang iyong gagamitin upang matuklasan ang katotohanan ukol sa inuming ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## *Isagawa*

Basahin ang sitwasyon:

Magkakaroon ng pag-uulat tungkol sa inyong barangay sa loob ng klase. Ang bawat isa ay inatasang magbabahagi. Dahil dito, ano ang iyong dapat gawin upang makakuha ng tamang impormasyon tungkol sa inyong barangay? Isulat ang iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno.

☐ Pupunta ako sa tanggapan ng kapitan ng aming barangay upang makahingi ng kailangang impormasyon na nais kong malaman.

☐ Tatanungin ko ang aking magulang tungkol sa aming barangay dahil alam kong sa lugar na ito siya ipinanganak.

☐ Mag-iinterbyu ako sa aming mga kabarangay upang maraming impormasyon akong makalap.

☐ Gagawa ako ng *survey* sa aking mga kaibigan na doon din sa barangay namin nakatira.

☐ Maglilibot ako sa buong barangay upang hikayatin ang aking kabarangay na bigyan ako ng kanilang mga ideya tungkol sa aming lugar.



## *Tayahin*

Lagyan ng tsek (/) kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pamamaraan sa pagtuklas ng katotohanan at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

___1. Nagbakasyon si Pia sa probinsiya. Kinuwento ng kaniyang Tiyo na maraming aswang sa lugar nila. Takot na takot si Pia dahil naniwala agad siya dito.

___2. Binigyan si Bing ng kaniyang matalik na kaibigan ng isang *sachet* ng *Wonder Juice*. Sinabihan siya na inumin ito upang tumalino siya. Ikinuwento niya sa kaniyang ina ang tungkol dito. Nagsaliksik siya subalit wala siyang makitang impormasyon tungkol dito. Kaya naman, itinapon niya na lamang ito.

___3. Sinasabihan ka ng iyong kapitbahay na *suspended* ang pasok buong linggo dahil sa paparating na bagyo. Sumangguni ka muna sa iyong guro kung ito ay totoo. Ang sabi niya, Huwebes at Biyernes lamang ang walang pasok.

___4. May naglalako ng alahas sa lugar ninyo. Ang sabi ng tindera, tunay na ginto ang kaniyang ibinibenta kaya may kamahalan ito. Nawili ang nanay mo kaya bumili siya kahit sinabihan mong huwag agad maniwala dito.

___5. Ikinuwento ng kaibigan ni Dan sa kaniya na magnanakaw ang tatay ng isa nilang kamag-aral. Kaya naman, hindi niya ito pinapansin.

## ***Karagdagang Gawain***

Ano ang kabutihang maidudulot kung isasagawa ang mapanuring pag-iisip sa tamang pamamaraan o pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mahusay ka! Naipamalas mo ang iyong mapanuring pag-iisip. Binabati kita. Patuloy mo itong paunlarin.

Sapagkat natapos mo nang may mapanuring pag-iisip ang araling ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na modyul. Handa ka na!

# Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. M  2. T  3. T  B. 4. X  5. √

Balikan

1. √  2. √.  3. √  4. √  5. √

Payamanin

Gawain 1
1,3, 4, 5, 6

Tuklasin

1. B  2. A  3. D  4. B
5. Alamin mun ang katotohanan ng balita bago ibalita sa iba.
6. Suriin ang balita, halimbawa saan nagmula ang balita o impormasyon.

Suriin

1. B  2. B  3. A  4. C  5. B

**Isagawa**

/

x

x

x

x

**Pagtataya**

1. X  2. /  3. /  4. /  5. X

**Karagdagang Gawain**

- Maiiwasan ang maling desisyon
- Makagagawa ng tamang paraan
- Malalaman ang katotohanan

Gawain 2

Nasa Anyong Poster

1. Huwag kaagad paniwalaan ang isang balita o impormasyon. Sinusuri muna ito bago maniwala.
2. Alamin at pag-aralan ang pinagmulan nito. Mahalagang masiguro na mapagkakatiwalaan ang pinagkunan ng impormasyon. Halimbawa ito ay nagmula sa isang eksperto o taong kinauukulan at hindi kung kanino lamang.
3. Pag-aralan ang lahat ng detalye katulad halimbawa ng petsa at maging ang larawang nakakabit sa impormasyon. Mahalagang magkaroon ng sapat na ebidensiya bago mapatunayang tama o mali ang isang sitwasyon.
4. Matalinong inuunawa ang impormasyong nabasa. Ang impormasyon ay kapani-paniwala at hindi *too good to be true.* Ibig sabihin hindi ito dapat nangangako ng isang imposibleng bagay para lang paniwalaan.
5. Kung hindi pa rin sigurado, magtanong sa nakatatanda o kinauukulan upang malaman ang katotohanan.

Isaisip

1. Huwag kaagad paniwalaan ang isang balita o impormasyon. Sinusuri muna ito bago maniwala.
2. Matalinong inuunawa ang impormasyong nabasa. Ang impormasyon ay kapani-paniwala at hindi *too good to be true.* Ibig sabihin hindi ito dapat nangangako ng isang imposibleng bagay para lang paniwalaan.

## *Sanggunian*


K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum, Mayo 2016, https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/ESP-CG.pdf.

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral 2015, ph 28

Globe Digital Thumbprint Program, Digital Discernment, National Summit on Digital Citizenship and Responsibility, 2019

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph